

<u>Museums, Galleries, Zoos, and Aquariums FAQs</u>	<u>Mga FAQ Tungkol sa Mga Museo, Gallery, Zoo, at Aquarium</u>
What are museums, galleries, zoos, and aquariums doing to slow the spread of COVID-19?	Ano ang ginagawa ng mga museo, gallery, zoo, at aquarium para hindi mabilis na kumalat ang COVID-19?
Museums, galleries, zoos, and aquariums must ensure that all Public Health protocols are followed. Visitors and staff are required to use face coverings and practice physical distancing. To help slow the spread of COVID-19, the County is limiting capacity in museums, galleries, zoos, and aquariums, to ensure that visitors observe limits in exhibit spaces and galleries.	Dapat tiyakin ng mga museo, gallery, zoo, at aquarium na nasusunod ang lahat ng protokol ng Public Health. Kinakailangan ng mga bisita at kawani na magsuot ng face mask at sumunod sa pisikal na pagdistansya. Para makatulong na mapigilan ang pagkalat ng COVID-19, nililimitahan ng County ang kapasidad sa mga museo, gallery, zoo, at aquarium, para matiyak na makakasunod ang mga bisita sa mga limitasyon sa mga lugar ng exhibit at gallery.
You should only visit a museum, gallery, zoo or aquarium with members of your own household.	Dapat ka lang pumunta sa isang museo, gallery, zoo, o aquarium kasama ang mga miyembro ng sarili mong sambahayan.
Do I have to wear a face covering?	Kailangan ko bang magsuot ng face mask?
Yes, staff and visitors must wear face coverings while in museums, galleries, zoos or aquariums. This applies to all adults and children over the age of 2. Only individuals with chronic respiratory conditions or other medical conditions that make use of a mask hazardous are exempted from this requirement.	Oo, dapat magsuot ng face mask ang mga kawani at bisita habang nasa mga museo, gallery, zoo o aquarium. Ipinatutupad ito sa lahat ng nasa hustong gulang at batang lampas sa 2 taong gulang. Ang mga indibidwal lang na may pabalik-balik na mga kundisyon sa baga o iba pang medikal na kundisyon na puwedeng manganib sa pagsusuot ng mask ang hindi kasali sa pagpapatupad na ito.
Will I have my temperature taken at these facilities?	Kukunin ba ang temperatura ko sa mga pasilidad na ito?
Maybe. In some cases symptom checks will be conducted before you enter the establishment. Symptom checks must include coughing, shortness of breath or fever, and any other symptoms you may be experiencing. These checks can be done remotely or in person upon your arrival.	Siguro. May ilang pagkakataon kung saan magsasagawa ng mga pagsusuri para sa sintomas bago ka pumasok sa establisamiyento. Kasama dapat sa mga pagsusuri para sa sintomas ang ubo, pangangapos ng hininga o lagnat, at anupamang sintomas na maaaring nararanasan mo. Maaaring gawin nang malayuan o personal ang mga pagsusuring ito pagkadating mo.
Staff will also be screened for symptoms.	Susuriin din ang mga kawani para sa mga sintomas.

Anyone feeling sick should stay home.	Dapat manatili sa bahay ang sinumang may sakit.
Will capacity be limited?	Lilimitahan ba ang kapasidad?
Yes, capacity will be limited to allow for physical distancing.	Oo, lilimitahan ang kapasidad para masunod ang pisikal na pagdistansya.
Are tours and live demonstrations available?	May mga available bang tour at live na demonstration?
Yes, as long as the group is limited to members of a single household. In same-household tours or demonstrations, guides must maintain at least six feet of physical distance from guests.	Oo, basta limitado lang ang grupo sa mga miyembro ng isang sambahayan. Sa mga tour o demonstration para sa isang sambahayan, dapat magpanatili ang mga guide ng hindi bababa sa anim na talampakang pisikal na distansya mula sa mga bisita.
The viewing areas for live demonstrations, animal shows, etc. must be reconfigured so that physical distancing can be maintained between household units.	Dapat baguhin ang pagkakaayos ng mga lugar sa panonood para sa mga live na demonstration, palabas na nagtatampok ng mga hayop, atbp. upang mapanatili ang pisikal na distansya sa pagitan ng mga miyembro ng sambahayan.
Can I interact with the touchable exhibits?	Maaari ba akong dumikit sa mga nahahawakang exhibit?
Visitors should not engage with hands-on displays.	Hindi dapat dumikit ang mga bisita sa mga hands-on na display.
Can I visit the theaters inside museums, galleries, aquariums, and zoos?	Maaari ba akong pumasok sa mga theater sa loob ng mga museo, gallery, aquarium, at zoo?
No, theaters are closed at this time.	Hindi, sarado ang mga theater sa ngayon.
Can I eat in the cafes?	Maaari ba akong kumain sa mga cafe?
Yes, you may eat at restaurants in cultural facilities if they are open. All restaurants must follow existing Public Health requirements. Please check with the establishment before going.	Oo, maaari kang kumain sa mga restaurant sa mga kultural na pasilidad kung bukas ang mga ito. Dapat sumunod ang lahat ng restaurant sa mga kasalukuyang kinakailangan ng Public Health. Mangyaring alamin ito sa establisamiyento bago pumunta.
Are field trips allowed?	Pinapayagan ba ang mga field trip?
Large group field trips are not allowed. You may only visit these destinations with members of your own household.	Hindi pinapayagan ang mga field trip ng malaking grupo. Maaari ka lang bumisita sa mga pasyalang ito kasama ang mga miyembro ng sarili mong sambahayan.
###	###